



Tala Kaalaman

Na-Update sa March 3, 2017

Inyong Gabay sa InfoPass

Ang InfoPass ay isang walang bayad na serbisyong online na pinapayagan kayong mag-schedule na appointment sa isang immigration officer [alagad] ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS). Maaari kayong mag-online sa anumang oras upang mag-schedule ng inyong appointment kaysa maghiling nang sarili nyo sa tanggapan ng USCIS sa inyong kinaroroonan.

Papaano magagawa ng InfoPass na mas madali ang inyong buhay?

- Walang bayad ito! Walang gastos sa inyo ang pag-schedule ng inyong sariling appointment.
- Madaling maabot ito. Pumunta sa <https://my.uscis.gov/appointment> upang mag-schedule ng inyong appointment mula sa inyong computer sa bahay, gamit na mobile o computer sa inyong library na pangmadla.
- Madaling gawin into. Sundan ang mga madaling hakbang:
 1. Piliin ang inyong wika. Nag-aalay ang InfoPass ng 12ng wika para sa paggamit ninyo habang nag-ischedule ng isang appointment.
 2. Sa ilalim ng "Makipag-Appointment":
 - Kung nasa U.S. kayo, piliin **sa loob na U.S.** at pagkatapos ipasok ang inyong ZIP code para sa inyong address pampangbuson.
 - Kung wala kayo sa U.S., piliin **Sa labas ng U.S.** at pagkatapos piliin ang bansa kung saan kayo sa kasalukuyan.
 3. Pumili ng petsa at oras para sa inyong appointment, Kung wala kayong makitang maginhawang oras, balikan ang InfoPass sa susunod na araw. May mga bagong mapipiling appointment bawat araw ng pagtrabaho.
 4. Ipagkaloob kahit man lamang ang inyong pangalan, petsa ng pagsilang, at telephone number.
 5. I-Print ang patalastas ng appointment na itatanghal sa inyong computer screen. Ipapakita ng patalastas ang oras, petsa, at kinaroroonan ng inyong appointment, at kailangang dalhin ninyo ito sa inyong InfoPass appointment. Kung hindi ninyo ma-print ang patalastas, isulat ninyo ang confirmation number [pagkilalan ng pagpatibay] at ang PIN upang maabot ninyo ang inyong InfoPass appointment sa ibang panahon.

Anong mga papeles ang kailangan ninyong dalhin sa appointment?

Kailangan ninyong dalhin ang mga papeles na tutulong na ipaliwanag ang inyong tanong o problema sa inyong kaso. Ang ilang mga papeles na kakailanganin ninyo ay:

- Ang patalastas pampagpatibay ng inyong InfoPass appointment.
- ID na palathala ng pamahalaan. Maaari ito sa alinman sa mga sumusunod:
 - May letratong ID card na palathala ng pamahalaan
 - Passport
 - May-bisang driver's license
 - Permanent Resident Card (na kinikilala din bilang Green Card)
 - Employment Authorization Document [papel pampahintulot ng pagtatrabaho]
- Form I-94, Arrival-Departure Record [tala ng pag-alis/pagdating] na may kasamang letrato
- Alinmang kasulatan ng USCIS na nalathala para sa iyo. Kabilang sa mga halimbawa ang:
 - Patalastas ng pagtanggap
 - Patalastas ng appointment pang-interview
 - Sulat ng pagpasya
 - Hiling na katibayan (mga papeles)
- Lahat ng papeles na mula sa ibang bansa na may kinalaman sa inyong pag-uusig

Papaano kung kailangan ninyong i-reschedule [baguhin ang schedule] ng appointment?

- Maaari ninyong i-cancel o i-reschedule ang mga appointment sa pamamagitan ng confirmation number at PIN na na-print sa inyong unang patalastas pampagpatibay ng appointment.
- Upang masilbihan namin ang pinkamaraming customer, paki-cancel ang inyong appointment kung hindi ninyo kayang dumating as oras ng appointment. Walang multa sa pag-reschedule o pag-cancel ng appointment.
- Kung mawala ninyo ang inyong patalastas ng appointment, maaari kayong mag-print ng kapalit sa pamamagitan ng paggamit ng InfoPass at pagpasok ng hinihiling na impormasyon.

Papaano kung mayroon kayong pangkaraniwang pagsusuri?

Para sa mga pangkaraniwang usapan, hindi kayo kailangan makipagkita sa USCIS officer nang sarili nyo. Magagawa ninyo nang madali ang mga pagsusuring gayon sa phone o sa aming website sa pamamagitan ng pag-click sa isa sa mga button na matatagpuan sa babang kalahati ng homepage ng InfoPass.

Para sa pangkalahatang impormasyon, iwasan ninyong lalabas pa -- tawagan ang NCSC sa 1-800-375-5283 mula sa ginhawa ng iyong bahay upang malaman muna kung masasagot namin ang inyong tanong.